4

# Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 1

Aralin

4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan Baitang 4**
**Kuwarter 1: Aralin 4 (Linggo 4)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**

- Lilibeth S. Eyo Ph.D. (Western Mindanao State University)

**Tagasuri**

- Florisa B. Simeon, Ph.D. (Philippine Normal University — Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph.

**ARALING PANLIPUNAN /KUWARTER 1/ BAITANG 4**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa sa pagkakakilanlan ng bansa ayon sa mga katangiang heograpikal |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakagagawa ng presentasyon tungkol sa katangiang heograpikal ng bansa |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **1. Natatalakay ang konsepto ng bansa**<br><br>Tiyak na layunin:<br><br>- Nasasabi ang kahulugan ng hangganan at teritoryo<br>- Natutukoy hangganan at lawak ng teritoryo ng Pilipinas.<br><br>**2. Naipaliliwanag ang mga saligan ng lawak at hangganan ng teritoryo ng Pilipinas**<br><br>Tiyak na layunin:<br><br>- Natutukoy ang teritoryo ng Pilipinas ayon sa Doktrinang Pangkapuluan at ayon sa Atas ng Pangulo<br>- Natatalakay nag teritoryo ng Pilipinas gamit ang iba’t ibang batayan gaya ng Doktrinang Pangkapuluan at Atas ng Pangulo. |
| **D. Nilalaman** | B. Ang Pambansang Teritoryo<br>1. Saligan ng Teritoryo<br>c. Ayon sa Atas ng Pangulo<br>d. Ayon sa Doktrinang Pangkapuluan (Archipelagic Doctrine-UNCLOS) |
| **E. Integrasyon** | SDG #4:<br>Quality Education |

| | |
|---|---|
| | Cultural identity<br>Lokalisasyon<br>Kontekstwalisasyon |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|


Antonio,E., Banlaygas, E. & Antonio,S. (2018). Kayamanan 4. Rex Printing Company

Baisa – Julian, A., & Lontoc, N. (2017). Bagong Lakbay ng Lahing Pilipino 6. Phoenix Publishing House

Belarde, R., Balaoing, J., Barcelon, V., Fajardo, J., Daroni, C., Santos, E., Garcia, P., Dela Cruz, E., Villegas, J., (2023). Lahing Pilipino Kaagapay sa Ika-21 Siglo. Rex Book Store, Inc.

Cruz, M. (2021). Pamayanan at Kasaysayan ng Lahing Pilipino 6. DIWA Learning Systems Inc.

Danao, C., Mangahas, F.,Molave, A., Palomar, L. (2008). Kalinangan 6. Phoenix Publishing House, Inc.

Gabay Pangkurikulum sa Araling Panlipunan 2016. Department of Education DepEd Complex, Meralco Avenue Pasig City.

Garcia, P., et.al. (2023). Lahing Pilipino Kaagapay sa Ika-21 Siglo 6. Rex Book Store, Inc.

Villanueva, V. (2018). #ABKD: Ako Bibo Kase Dapat (Alpabeto ng Inobatibo at Makabagong Guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino. VMV Publishing House.


| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**1. Munting Balik-Aral**<br>**Gawain 1: Tukuyin At Piliin**<br>Tutukuyin at pipiliin ng mga mag-aaral ang angkop ng kasagutan sa katanungan sa bawat | Sa bahaging ito, ang guro ay may kalayaan na magdagdag pa ibang |

| | | |
|---|---|---|
| | bilang<br><br>1. Ano ang tawag sa sukat ng lupain na nasasaklaw ng hurisdiksiyon ng isang bansa?<br>A. teritoryo B. archipelago C. insular D. lokasyon<br>2. Alin sa mga sumusunod na mga pulo ang nadagdag sa teritoryo ng Pilipinas dahil sa kasunduan sa pagiatn ng Estados Unidos at ng Gran Britanya noong Enero 2, 1930.<br>A. Mangsee at Turtle B. Sabah C. Spratly D. Batanes<br>3. Saang artikulo sa saligang-batas ng Pilipinas matatagpuan ang tungkulin ng bawat Pilipinong pangalagaan at ipagtanggol ang bansa?<br>A. Artikulo I B. Artikulo II C. Artikulo III D. Artikulo IV<br>4. Aling kasunduan ang nagpapahayag na ang mga pulo ng Cagayan, Sulu, at Sibutu ay bahagi ng teritoryo ng Pilipinas?<br>A. Kasunduan sa Paris C. Kasunduan ng Estados Unidos at ng Espanya<br>B. Saligang-Batas D. Kasunduan ng Estados Unidos at Gran Britanya<br>5. Aling kasunduan ang nagpapahayag na ang mga pulo ng Mangsee at Turtle ay sakop ng kapuluan ng Pilipinas?<br>A. Kasunduan sa Paris C. Kasunduan ng Estados Unidos at ng Espanya<br>B. Saligang-Batas D. Kasunduan ng Estados Unidos at Gran Britanya<br><br>**Gawain 2: SURI-KAISIPAN**<br>**Pangkatang Gawain**<br>**Panuto:** Susuriin ng mga mag-aaral ang kanilang kaisipan sa paksang natalakay noong nakaraan. Isusulat ng mga mag-aaral sa cardboard na ibibigay ng guro sa bawat grupo **SB** kung ang kaisipan ay nagpapahiwatig na ang teritoryo ng Pilipinas ay nakasalig sa Saligang-Batas at **KB** naman kung sa Kasaysayan ng bansa.<br><br>1. Isinama sa teritoryo ng Pilipinas ang mga pulo ng Cagayan at Sibutu.<br>2. Ang pambansang teritoryo ng Pilipinas ay binubuo ng kapuluang Pilipinas kasama ang lahat ng mga pulo at karagatang napapaloob dito.<br><br>3. Nadagdag sa teritoryo ng Pilipinas ang mga pulo ng Turtle at Mangsee.<br>4. Ang karagatang nakapaligid, nakapagitan, at nag-uugnay sa mga pulo ng kapuluan, maging anuman ang lawak at sukat, ay bumubuo sa panloob na karagatan ng Pilipinas.<br>5. Nadagdag ang pulo ng Cagayan, sulu, at sibutu sa teritoryo ng Pilipinas. | estratehiya upang maging aktibo ang gawain.<br><br>**Mga Tamang Sagot:**<br>1. A<br>2. A<br>3. A<br>4. C<br>5. D<br><br>**Mga Tamang Sagot:**<br>1. KB<br>2. SB<br>3. KB<br>4. SB<br>5. KB |

**B. Paglalahad ng Layunin**

**1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**

**Gawain 3**

**Panuto:** Ipakita sa mga mag-aaral ang inihandang larawan ng mga *mapa* at talakayin ang nakahandang katanungan.



Mula sa: https://galingmo.wordpress.com/wp-content/uploads/2011/09/benham_rise2.jpg




Mula sa: https://blogger.googleusercontent.com/img/b/R29vZ2xl/AVvXsEhd4JIKUh-2PquthIvA_zIoy8A9_mi63D_5hrLG8wWjlYhGni6BVutNyr447Tb

**Mga tanong:**

1. Ano ang napapansin ninyo sa dalawang larawan larawan?
2. Ano nag ibig ipahiwatig ng mga linya sa unang larawan?
3. Mahalaga ba ito sa pagtukoy ng teritoryo ng Pilipinas? Bakit?
4. Paano ito nakatutulong sa ating bansa?
5. Bakit kaya may pangalan na Philippines sa mapa ng Sabah?
6. Bilang isang mag-aaral, bakit mahalagang malaman ninyo ang mga lugar na sakop ng bansa?

**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**

**Gawain 4: Pagbuo ng Salita**

**Panuto:** Gamit ang mga letra sa ibaba. Buuin ang salita base sa mga numerong hinihingi ng bawat patlang upang mabuo ang salita.

| | | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | **A** | 4 | **D** | 7 | **G** | 10 | **J** | 13 | **M** | 16 | **P** | 19 | **S** | 22 | **V** | 25 | **Y** |
| 2 | **B** | 5 | **E** | 8 | **H** | 11 | **K** | 14 | **N** | 17 | **Q** | 20 | **T** | 23 | **W** | 26 | **Z** |

Sa bahaging ito, gamit ang dalawang larawan, talakayin ang mga sumusunod na katanungan.
Sa pagtalakay ng tanong, seguruduhing makapaghayag ang bawa't isa ng kanilang ideya.

Malaya ang guro na gawin ang gustong pamamaraan kung paano ito gawin sa klase.

Sa bahaging *Pagbuo ng Salita,* ang guro ay may kalayaang gumamit ng naaayon na *technique* para sa pagsasagawa nito.

Mga Tamang Sagot:

1. Doktrinang

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
<table>
<tr><td>3 C</td><td>6 F</td><td>9 I</td><td>12 L</td><td>15 O</td><td>18 R</td><td>21 U</td><td>24 X</td><td></td></tr>
</table>
1. Doktrinang pinagtibay noong 1982 kung saan ipinahahayag ang hurisdiksiyong teritoryal ng mga estado sa kani-kanilang mga karagatan kabilang na nag mga katubigang nakapaligid sa bansa, kalapagang insular, mga pook submarina na kinalalatagan ng archipelago
<table>
<tr><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>4</td><td>15</td><td>11</td><td>20</td><td>18</td><td>9</td><td>14</td><td>1</td><td>14</td><td>7</td><td></td><td>16</td><td>1</td><td>14</td><td>7</td><td>11</td><td>1</td><td>16</td><td>21</td><td>12</td><td>21</td><td>1</td><td>14</td></tr>
</table>
2. Ito ay nagsasaad na ang isang kapuluang estado ay may hurisdiksiyon hanggang sa 200 nautical miles mula sa batayang guhit kung saan sinusukat ang territorial sea batay sa Doktrinang Pangkapuluan.
<table>
<tr><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>5</td><td>24</td><td>3</td><td>12</td><td>21</td><td>19</td><td>9</td><td>22</td><td>5</td><td></td><td>5</td><td>3</td><td>15</td><td>14</td><td>15</td><td>13</td><td>6</td><td>3</td><td></td><td>26</td><td>15</td><td>14</td><td>5</td></tr>
</table>
</td>
<td>Pangkapuluan<br><br>2. Exclusive Economic Zone</td>
</tr>
<tr>
<td>C. Paglinang at Pagpapalalim</td>
<td>
IKALAWANG ARAW
Kaugnay na Paksa 1: Pambansang Teritoryo Ng Pilipinas
Mahalagang matiyak ang pambansang teritoryo ng isang bansa upang maiwasan ang anumang pakikialam ng mga dayuhan. Ang kabuuang teritoryo ng Pilipinas ay nakasaad sa mahahalagang kasulatan at mga datos na nababatay sa atas ng Pangulo at Doktrinang Pangkapuluan
1. Pagproseso ng Pag-unawa
Halina’t Kilalanin:
Teritoryo Ng Pilipinas Ayon Sa Atas Ng Pangulo
Ipinahayag sa Atas ng Pangulo BLG. 1569 (Presidential Decree No. 1596) na nilagdaan ni dating Pangulong Ferdinand Marcos Sr. noong Hunyo 11, 1978 ang pag-angkin sa mga
</td>
<td>Hahatiin ng guro ang klase. Maaring lapatan ng estratehiya upang maging aktibo ang pagpresenta ng aralin.</td>
</tr>
</table>

bagong sakop ng Pilipinas – ang mga pulo ng Kalayaan na bahagi ng Spratly Islands. May layo itong halos 300 kilometro mula sa baybayin ng Palawan. Lumalawak ang sakop ng bansa nang ipahayag ang natatanging sonang pangkabuhayan o Exclusive Economic Zone (EEZ). Ipinahayag ito sa Presidential Decree No. 1599, tanging ang Pilipinas lamang ang may karapatang gumamit at mangalap sa mga yamang nasasakop ng sonang ito. Ito'y may layong 200 nautical miles



Mula sa: https://www.researchgate.net/figure/The-map-of-

**Teritoryo Ng Pilipinas Ayon Doktrinang Pangkapuluan**

Noong Disyembre 10, 1982 ay idinaos ang isang mahalagang pulong ng mga kaanib ng Nagkakaisang Bansa sa Batas Pangkaragatan (United Nations Convention on the Law of the Sea o UNCLOS) sa Jamaica. Sa pulong na ito ay pinagtibay ng 130 na bansa ang kasunduan hinggil sa mga batas na may kinalaman sa teritoryong pantubig ng mga bansa. Ilan sa mga napagkasunduan ng UNCLOS ay ang sumusunod:



1. Pinagtibay ang Doktrinang Pangkapuluan o "Archipelagic Doctrine". Ayon sa Doktrinang Pangkapuluan, kabilang sa teritoryo ng Pilipinas ang mga sumusunod:
    a. kapuluan ng Pilipinas
    b. lahat ng pulong pag-aari nito
    c. mga bahaging tubig na sakop ng guhit na nagdurugtong sa pinakalabas na bahagi ng pulo.
    d. kalawakan sa itaas
    e. ilalim ng lupa
    f. ilalim ng dagat
    g. mga yamang matatgpuan dito

Ang pagsasabatas ng bansa sa nasasakop nitong teritoryo ay nakatutulong sa kaligtasan nito. Kung hindi titiyakin ng bansa ang lawak at ang sakop ng teritoryo nito, magkakaroon ng suliranin tungkol sa kaligtasan at katiwasayan. Ilang maaring su;iranin ang mga sumusunod:

a. pag-aalitan ng mga kalapit-bansa, sapagkat bawat isa ay magkakainteres na angkinin ang teritoryo.
b. pagpasok sa ating bansa ng mga dayuhan nang walang pahintulot.

c. pagpasok sa kapuluan ng mga sasakyang pangdagat ng mga bansang banyagang maaring magdulot ng panganib sa katiwasayan ng bansa.

2. Pinahaba ng 12 nautical miles ang dating 3 nautical miles bilang hangganan ng teritoryo sa palibot ng kapuluan.
3. Inaprobahan ang Exclusive Economic Zone (EEZ) na nagsasaad na ang isang kapuluang estado ay may hurisdiksiyon hanggang sa 200 nautical miles mula sa batayang guhit kung saan sinusukat ang territorial sea. Sa loob ng sonang ito, may karapatan ang bansang pangasiwaan, pangalagaan, paunlarin ang likas-yanmang matatagpuan sa ilalim ng lupa, dagat at mga nasa kailaliman nito. Mula noon hanggang ngayon, marami nang naging usapin hinggil sa legal na pagmamay-ari ng mga teritoryo ng bansa. Ilan ditto ay ang usapin tungkol sa isyu ng Spratly Islands at Sabah.

Ang Pilipinas, gayundin ang bansang Indonesia ang ilan sa mga bansang higit na nakinabang sa mga batas na itinadhana ng Doktrinang Pangkapuluan. Sa doktrinang ito, malinaw na isinasaad na ang lawak ng isang bansa ay nasusukat sa pamamagitan ng mga likhang-isip na guhit na magdurugtong sa mga pulong pinakalabas at pinakamalayo na kukulong sa katubigan ng kapupulan. Samakatuwid, may karapatan ang isang estado, gaya ng Pilipinas na galugarin, pakinabangan, panatilihin, pangasiwaan ang mga likas na yamang sinasakop nito.




**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**Gawain 5 Ulat - Kaalaman!**

Sa pamamagitan ng binasang aralin, sasagutin ng mga mag-aaral ang mga katanungan at i-uulat ito sa klase. Narito ang hakbang sa estratehiyang ito:

1. Papangkatin ang klase at bibigyan ng mga impormasyong tungkol sa paksang tatalakayin.
2. Babasahin ng mga mag-aaral ang mga impormasyon ito sa loob ng sampung minuto.
3. Gamit ang impormasyon ng paksa, Sasagutin ng bawat pangkat ang mga katanungan at Isulat ito sa ihihandang manila paper na inilaan ng guro. Magbibigay muli ng karagdagang sampung minuto upang maisakatuparan ito.
4. Pagkatapos ng sampung minuto, bibigyan ang bawat grupo ng 20 segundo upang ipaskil at ilahad ang kanilang ginawa.

**Mga Tamang Sagot:**


Ayon sa Atas ng Pangulo
1. Presidential Decree No. 1599
2. Pag-angkin sa bagong pulong sakop ng Pilipinas – ang

5. Iproseso ang naging gawain. Dapat mapagnilayan ng mga mag-aaral ang halaga ng bawat detalye sa isa't isa.

| Katanungan | Sagot |
|---|---|
| 1. Ano ang kahulugan ng Atas ng pangulo blg. 1569? Nakabuti ba ito sa Pilipinas? Sa paanong paraan? | |
| 2. Bakit naging mahalaga ang Doktrinang Pangkapuluan? Ipaliwanag. | |
| 3. Sa inyong palagay, karapat-dapat bang magkaroon ng pambansang teritoryo ang bawat bansa? Bakit? | |

**Gawain 6 Paskil-Kaalaman**

**Panuto**: Ipapaskil sa mga mag-aaral ang mga kaisipan ng teritoryo ng Pilipinas ayon sa Atas ng Pangulo at Doktrinang Pangkapuluan. Tatawag- ng isang mag-aaral upang bumunot ng kaisipan sa kahon at idikit ito sa board ng kaalaman kung ito ba ay ayon sa Atas ng Pangulo o ayon sa Doktrinang Pangkapuluan.




**Mga Kaisipan:**
1. Presidential Decree No. 1596
2. Pag-angkin sa bagong pulong sakop ng Pilipinas – ang mga pulo ng Kalayaan na bahagi ng Spratlys Island
3. Nilagdaan noong Hunyo 11, 1978
4. Pinahaba ng 12 nautical miles ang dating 3 nautical miles bilang hangganan ng teritoryo sa palibot ng kapuluan.
5. Inaprobahan ang Exclusive Economic Zone (EEZ)
6. Mahalagang pulong ng mga kaanib ng Nagkakaisang Bansa sa Batas Pangkaragatan (United Nations Convention on the Law of the Sea o UNCLOS)

mga pulo ng Kalayaan na bahagi ng Spratlys Island
3. Nilagdaan noong Hunyo 11, 1978 Ayon sa Doktrinang Pangkapuluan
4. Pinahaba ng 12 nautical miles ang dating 3 nautical miles bilang hangganan ng teritoryo sa palibot ng kapuluan.
5. Inaprobahan ang Exclusive Economic Zone (EEZ)
6. mahalagang pulong ng mga kaanib ng Nagkakaisang Bansa sa Batas Pangkaragatan (United Nations Convention on the Law of the Sea o UNCLOS)

**IKATLONG ARAW**

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**.

**Sagot Mo! Itaas Mo**

Magkakaroon ng laro sa pagtuturo at pagkatuto. Sa gawaing ito, lilinangin ang tiyak na kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa paksa tungkol sa teritoryo ng Pilipinas ayon sa Atas ng Pangulo at Ayon sa Doktrinang Pangkapuluan.

- Maghanda ng dalawang cardboard para sa bawat pangkat na may salitang Pangulo at Doktrina.
- Bumuo ng apat na pangkat. Bigyan ng panandang bilang ang bawat kasapi upang mas maging sistematiko ang gagawing laro.
- Maghanda ng mga pahayag tungkol teritoryo ng Pilipinas na nakasaad ayon sa Atas ng Pangulo at Ayon sa Doktrinang pangkapuluan.
- Itataas ng mag-aaral ang salitang pangulo kung ang tinutukoy ang pahayag ay teritoryo ng Pilipinas ayon sa Atas ng **Pangulo at Doktrina** kapag ito at tumutukoy sa Teritoryo ng Pilipinas ayon sa Doktrinang Pangkapuluan.
- Tatawag ang guro ng bilang ng mag-aaral na sasagot sa pahayag. Bawat tamang sagot ay bibigyan ng puntos.
- Tatawag muli ng iba pang ilang hanggang sa maubos ang mga pahayag.
- Ang may mataas ang puntos ay tatanghaling panalo.

MGA PAHAYAG: (Maaaring dagdagan ng guro)

1. Ipinahayag ni Pangulong Marcos Sr. na ang mga pulong kabilang sa pangkat ng Kalayaan Island ay sakop ng teritoryo ng Pilipinas. __________________
2. Pinahaba ng 12 nautical miles and dating 3 nautical miles bilang hangganan ng teritoryo sa palibot ng kapuluan. _______________
3. Presidential Decree No. 1596. _____________
4. Inaprobahan ang Exclusive Economic Zone (EEZ). ________________
5. Nilagdaan noong Hunyo 11, 1978. __________________
6. Mahalagang pulong ng mga kaanib ng Nagkakaisang Bansa sa Batas Pangkaragatan (United Nations Convention on the Law of the Sea o UNCLOS). _______________
7. Pag-angkin sa bagong pulong sakop ng Pilipinas – ang mga pulo ng Kalayaan na bahagi ng Spratlys Island. _______________
8. Kabilang sa teritoryo ng Pilipinas ang mga bahaging tubig na sakop ng guhit na nadurugtong sa pinakalabas na bahagi ng pulo. ______________

**Mga Tamang Sagot:**

1. Pangulo
2. Doktrina
3. Pangulo
4. Doktrina
5. Pangulo
6. Doktrina
7. Pangulo
8. Doktrina
9. Doktrina


6\. Doktrina

<table>
<tr>
<td></td>
<td>9. Pinagtibay ang Doktrinang UNCLOS noong Diyembre 10, 1982. _______________<br>10. Inaprubahan ang Exclusive Economic Zone na nagsasaad na ang isang kapuluang Estado ay hurisdiksiyon hanggang 200 nautical miles mula sa batayang guhit kung saan sinusukat ang territorial sea. _______________</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>D. Paglalahat</td>
<td>1. Pabaong Pagkatuto<br><br>Dayagram ng Pag-Unawa: Balikan muli ang mga napag-aralang konsepto tungkol sa Teritoryo ng Pilipinas ayon sa Kasaysayan at Saligang-Batas.<br>
<br>2. Paninilay sa Pagkatuto<br>
<table>
<tr><td>Ano ang</td><td>naranasan habang ginagawa ang mga gawain sa pagkatuto?</td><td>______________________________<br><br>______________________________</td></tr>
</table>
</td>
<td>Mahalagang malagom ang naging pagninilay ng mga mag-aaral batay sa naging karanasan sa buong proseso ng pagtuturo. Ang mga kasagutan kaugnay ng naramdaman at naranasan ay makatutulong sa</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | **naramdaman nang nalaman mo na lawak ang teritoryo ng Pilipinas ayon sa Atas ng pangulo at Doktrinang Pangkapuluan?** ________________<br><br>**ang iyong magagawa bilang kabataang Pilipino para maprotektahan ang teritoryo ng Pilipinas?** ________________<br>________________<br>________________<br>________________ | planong gagawin at pagpapaunlad sa mga susunod na pagbuo ng mga gawain at pagsasanay sa iba't iba pang paparating na paksa at aralin. |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **IKAAPAT NA ARAW**<br><br>Ipagawa ang sumusunod na panukat sa pagkatuto sa aralin ng mga mag-aaral:<br><br>**Gawain**<br>**Panuto:** Gamit ang Semantic Web, ipaliwanag ang kahalagahan ng kaalaman sa teritoryo ng Pilipinas.<br><br><br>**Gawain**<br>**Dyornal Ng Pagpapahalaga**: Ang mga mag-aaral ay magtatala ng saloobin o opinyol tugkol sa mga paksa. | |

| | | |
|---|---|---|
| | 1. Kahalagahan ng ating kaalaman hinggil sa teritoryong sakop ng ating bansa.<br>____________________<br>____________________<br>2. Pagkakadagdag ng pangkat ng mga pulo ng Falayaan sa teritoryo ng Pilipinas.<br>____________________<br>____________________<br>3. Pagbibigay ng karapatan sa mga Pilipino upang sila lamang ang gagamit at mangalaga sa sakop na teritoryo ng bansa.<br>____________________<br>____________________<br><br>**Gawain**<br>**Kilalanin Ang Pahayag**<br><br>Maghahanda ng maikling pagsusulit ang guro. Ipakilala sa mga mag-aaral kungang mga pahayag ay tama o mali.<br><br>1. Ang Pilipinas ay isang kapuluan o arkipelagong binubuo ng malalaki at maliliit na mga pulo. __________<br>2. Ang pakikialam ng mga dayuhan ay maiwasan dahil sa pagtiyak ng pambansang teritoryo. __________<br>3. Ang pulo ng Kalayaan o Spratlys Island ay hindi maituturing na kabilang sa sakop ng teritoryo ng Piliinas ayon kay Pangulong Ferdinand Marcos Sr. __________<br>4. Ang teritoryo ay tumutukoy sa sukat ng lupaing saklaw ng hurisdiksiyon nito. __________<br>5. Sa loob ng Exclusive Economic Zone (EEZ) ay limitado ang karapatan ng isang bansang linangin ang mga teritoryong bahagi nito. __________<br>6. Ang pagpapatibay ng Doktrinang Pangkapuluan ay nagdulot ng pagliit sa sukat ng karagatang sakop ng mga bansang archipelago. __________<br>7. Kung walang mga batas na nangangalaga sa pag-aari at pag-aangkin ng teritoryong sakop, magiging madali para sa mga dayuhan ang pagpasik sa alinmang teritoryo lalo na sa mga kapuluan. __________<br>8. Ang teritoryo ay isang mahalagang sangkap ng isang estado kaya't ang bawat mamamayan ay may tungkuling pangalagaan ito at ipangtanggol laban sa mga dayuhan. __________ | **Mga Tamang Sagot:**<br><br>1. Tama<br>2. Tama<br>3. Mali<br>4. Tama<br>5. Mali<br>6. Mali<br>7. Tama<br>8. Tama<br>9. Tama<br>10. Mali |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>9. Hanggang sa kasalukuyan ang isyu kung saang bansa nabibilang ang Sabah ay nananatili pa ring walang kasagutan. ___________________<br>10. Ang mga suliraning may kinalaman sa pag-aari ng mga lugar na nasasakupan ay nakabubuti sa Pilipinas kung ito ay hindi makipag-ugnayan sa mga karatig-bansa nito. ___________________</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>
<table>
<tr><th>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</th><th>Epektibong Pamamaraan</th><th>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</th></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Iba pa</td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td>Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td>
</tr>
<tr>
<td>C. Pagninilay</td>
<td>Pahayag-Paliwanag sa Danas ng Pagtuturo<br><br>Pakiramdam ko, ang linggong ito ay<br>_______________________________________________<br></td>
<td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | sapagkat____________________________________________________________________________________________________________. Naging mapanghamon ang pagtuturo dahil____________________________________________________________________________. Sa huli, nagtagumpay ang pagtuturo sapagkat ang pagkatuto ng mga mag-aaral ay makikita sa____________________________________________________________________________________________________. | buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |